# Ang alinmang babae na nagpakasal nang walang pahintulot ng mga walīy niya, ang kasal niya ay walang-saysay – nang tatlong ulit – saka kung nakipagtalik ito sa kanya, ang bigay-kaya ay ukol sa kanya dahil sa ginawa nito sa kanya. Kapag nagtalu-talo sila, ang tagapamahala ay walīy ng sinumang walang walīy para sa kanya."}

Ayon kay `Ā'ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang alinmang babae na nagpakasal nang walang pahintulot ng mga walīy niya, ang kasal niya ay walang-saysay – nang tatlong ulit – saka kung nakipagtalik ito sa kanya, ang bigay-kaya ay ukol sa kanya dahil sa ginawa nito sa kanya. Kapag nagtalu-talo sila, ang tagapamahala ay walīy ng sinumang walang walīy para sa kanya."}
[Tumpak]

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapakasal ng babae ng sarili niya nang walang pahintulot ng mga walīy niya at na ang kasal niya ay walang-saysay. Umulit nga siya nito nang tatlong ulit at para bang iyon ay hindi nangyari. Kung nakipagtalik sa kanya ang pinakasalan niya nang walang pahintulot ng walīy niya, ang buong bigay-kaya ay ukol sa kanya dahil sa ginawa nito na pakikipagtalik sa kanya sa ari niya. Kapag naghidwaan ang mga walīy sa pagkawalīy sa pagdaraos ng kasal – at ang mga antas nila rito ay magkapantay – ang [karapatan sa] pagdaraos ay ukol sa sinumang nauna roon sa kanila, kapag iyon ay naging isang pagsasaalang-alang mula sa walīy sa kapakanan ng babae. Kung tumanggi ang walīy sa pagpapakasal kaya para bang walang walīy para sa babae, ang tagapamahala o ang kinatawan nito kabilang sa mga hukom at tulad ng mga ito ay ang walīy ng babae; at kung hindi, walang pagkawalīy ukol sa tagapamahala kasabay ng pagkakaroon ng walīy.